BATA, BATA, HALINA'T MAG-ARAL ... SA TELEBISYON*

Rose-Marie N. Riosa

Malaki ang impluwensiya ng telebisyon sa mga bata. Sa kanilang libreng oras, ang mga bata ay kadalasang nakatutok sa telebisyon. Kinagigiliwan nilang panoorin ang mga palabas galing sa ibang bansa na malimit ay karahasan ang inilalarawan at hindi kapupulutan ng mga magagandang asal at pagpapahalaga. Dahil dito, naisipan ni Gina Lopez Roy, General Manager ng ABS-CBN Foundation, na magkaroon ng makabuluhang programa para sa mga bata. Pinangarap niyang mabigyan ng magandang edukasyon ang mga kabataan hindi lamang sa lungsod kundi pati sa mga liblib na lugar.



ANG SINESKWELA

Layunin ng SINESKWELA na malinang sa mga bata ang isang maka-agham at may pagpapahalagang saloobin. Ang programang ito ay nagtuturo sa mga bata ng mga konsepto sa agham at teknolohiya para maitanim at mapasigla sa kanila ang siyentipikong kasanayan at pagkilos.

Noong 1993, binuo ng Sineskwela Creative Committee ang konsepto ng programa. Binubuo ang komite ng executive producer, science research coordinator, head writer at mga konsultant mula sa DECS, DOST at UP ISMED,

Limang "stages" ang dinaraanan ng Creative Committee bago makapagpalabas ng isang programa. Una ay ang "focusing stage" kung saan pinag-uusapan ng komite ang konsepto sa agham (na hango sa kurikulum ng DECS) na gagawan ng iskrip. Pangalawa ang "research material production" kung saan inihahanda ng mga science researchers ang mga materyal na inaprubahan ng mga konsultant mula sa DOST, DECS at UP-ISMED upang ibigay sa susulat ng iskrip. Sa "brainstorming stage" naman ay inihaharap ng mga manunulat ang pagkakasunud-sunod ng konsepto na dapat ay mailahad sa siyentipikong pamamaraan.

Ang iskrip ay rerebisahin ng komite hanggang sa pumasa ito sa kanilang pamantayan. Pinag-uusapan naman ng executive producer, associate producer, director, art director, assistant director at science researcher ang mga kakailanganin sa produksiyon (production stage). Ang "taping" ay isinasagawa nang mas maaga ng isang linggo sa araw ng palabas sa isang studio ng ABS-CBN. Ngayong mayroon ng outside broadcasting (OB) van ang SINESKWELA, maari na rin silang mag-location shooting.

Ang SINESKWELA na sinimulang ipalabas noong Hunyo 1994 ay mapapanood araw-araw, 9:30 - 10:00 ng umaga. Ang iskedyul ng palabas sa bawa't grado ay: Lunes- Grado 2; Martes- Grado 3; Miyerkules- Grado 4; Huwebes- Grado 5; at Biyernes- Grado 6. Lahat ng programa ng SINESKWELA ay may kasamang "teacher's guide" na ibinibigay sa mga guro ng pampublikong paaralan. Ito ay naglalaman ng mga aralin at gawain na makatutulong sa kanila sa pagpapaliwanag ng konsepto.

Ginagawang makabuluhan ang progra-

HIRAYA MANAWARI

Sineskwela

Bayani

**Batay sa isang interbyu kina Gina Lopez Roy, Cielo Reyes, Freddie Estevez, Marites Gonzales at Kayen.*